

Pigilan ang Sakit na Dulot ng Pagkain

Karamihan sa mga sakit na dulot ng pagkain ay hindi naiuulat.

Ang sakit na dulot ng pagkain ay karaniwan at madaling kumalat sa pamamagitan ng pagkain, paligid, kubyertos o mga gamit, at ibang mga tao.



Taun-taon, **1 sa 6** na tao ang nagkakaroon ng sakit na dulot ng pagkain.

Taun-taon ay may tinatayang:



48 milyong

kaso ng sakit na dulot ng pagkain.



128,000

na-ospital dahil sa sakit na dulot ng pagkain.



3,000

namatay dahil sa sakit na dulot ng pagkain.



Taun-taon, **\$77.7 bilyong dolyar** ang nagagastos sa panangalagang pangkalusugan na may kaugnayan sa sakit na dulot ng pagkain.

Manatili sa bahay kung may sakit!

Ang mga karaniwang sintomas ng sakit na dulot ng pagkain ay:

- Pagtatae.
- Pagsusuka.
- Lagnat.

Mas malamang na magkasakit ka nang malubha kung ikaw ay:

- Mas bata sa 5 taon.
- 65 taong gulang o mas matanda.
- Buntis.
- Mahina ang resistensya na may mga kondisyong tulad ng kanser, diyabetis, o AIDS.



Makipag-ugnayan sa inyong healthcare provider kung malubha ang inyong mga sintomas.



Nagkasakit ka ba pagkatapos kumain?

Iulat agad ang mga sakit sa inyong lokal na kagawaran ng kalusugan. Makatutulong sila na matiyak na mas maraming tao ang hindi magkakasakit.



**Do it Right!
Serve it Safe!**